

BAIKI (BEKE)



TUNGKOL SA SAKIT NA ITO

Ang baiki ay isang nakakahawang sakit na dahil sa virus. Ang klasikong sintomas ng baiki ay pamamaga ng mga salivary gland sa likod ng tainga, na nagreresulta sa isang malambot at namamagang panga.

Sa mga bata, ang baiki ay karaniwang isang bahagyang sakit. Gayunman, ang baiki ay maaaring magdulot ng mga komplikasyon, lalo na sa mga matatanda. Kasama sa mga komplikasyon ang mga sumusunod:

- Meninghitis (impeksyon sa tumatakip sa utak at sa gulugod (spinal cord))
- Pagkabingi (pansamantala o permanente)
- Encephalitis (pamamaga ng utak)
- Orchitis (pamamaga ng testicles) sa mga lalake na nagbibinata (puberty)
- Oophoritis (pamamaga ng mga obaryo) at/o mastitis (pamamaga ng mga suso) sa mga babae na nagdadalaga (puberty)

MGA SENYALES AT SINTOMAS

Kasama sa mga pinaka-karaniwang sintomas ang lagnat, sakit ng ulo, mga sakit sa kalamnan, kapaguran, pagkawala ng gana sa pagkain, at namamaga at malambot sa mga salivary gland sa likod ng mga tainga o panga sa isa o sa parehong bahagi (parotitis). Ang ilang tao na nagkakaroon ng baiki ay wala o may mga napaka-bahagyang sintomas. Ang iba ay maaaring makaramdam na may sakit ngunit walang mga gland na namamaga.

Ang mga sintomas ay karaniwang nagsisimula 16-18 araw pagkatapos ng pagkakaroon ng impeksyon ng virus, ngunit ang baiki ay maaaring tumagal mula 12 hanggang 25 araw.

Karamihan sa mga tao na may baiki ay lubos na gumagaling sa loob ng ilang linggo.

PAGLILIPAT O PAGHAHAWA

Ang baiki ay naihahawa sa pamamagitan ng laway o mucus mula sa bibig, ilong, o lalamunan ng isang taong may impeksyon. Ang taong may impeksyon ay makakapaghawa ng virus sa pamamagitan ng:

- Pag-ubo, pagbahin, o pagsasalita
- Pagpapagamit ng mga ginagamit, tulad ng mga tasa o kutsara't tinidor
- Paghipo sa mga bagay-bagay o mga ibabaw nang hindi naghuhugas ng kamay na pagkatapos ay hahawakan naman ng iba.

Ang mga tao na may baiki ay pinaka-nakakahawa sa mga araw bago at pagkatapos ng pagkakaroon ng parotitis. Ayon sa Batas ng Estado ng Hawaii, ang isang tao na may baiki ay hindi dapat payagang pumasok sa paaralan, magtrabaho, o magbiyahe sa loob ng 9 na araw pagkatapos ng simula ng pamamaga ng mga salivary gland.

DAYAGNOSIS

Ang baiki ay nakikita sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga sintomas, mga pisikal na senyales, at mga pagsusuri sa laboratoryo. Ang mga tao na may sintomas ng baiki ay dapat na agad magpatingin sa tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan.

PAGGAMOT

Walang partikular na gamot sa baiki. Ang pag-aalaga sa mga pasyente na may baiki ay kinapapalooban ng paninigurong may sapat na naiinom na mga fluid, pagpapahinga sa kama, at pagkontrol sa lagnat.

PAGIGING IMMUNE

Sa pangkalahatan, ang mga tao na may humigit-kumulang ng isa sa mga sumusunod ay maituturing na protektado sa mga beke:

- Mga nakatatanda na ipinanganak bago ang taon na 1957*
- Mga tao na may nakita sa pagsusuri ng dugo na hindi tinatapan ng beke o nagkaroon na ng sakit na ito
- Mga tao na may nakasulat na mga dokumento na mayroon nang sapat na bakuna laban sa beke (tingnan sa “Pag-iingat” sa ibaba)

Tandaan: Ang beke ay maaaring makuha ng mga tao na nabakunahan na o paminsan-minsan ay doon sa mga nagkaroon na ng sakit na ito.

*Para sa tauhan sa pangangalaga na walang bakuna na ipinanganak bago ang taon na 1957, tingnan ang “Impormasyon para sa Mga Klinisyan” sa ibaba.

MGA PANGANIB SA HAWAII

- Buod ng Mga Naiulat na Kaso ng Mga Sakit na Kaulat-ulat
http://health.hawaii.gov/docd/files/2016/05/2015-SUMMARY_NOTIFIABLE-DISEASES-BY-COUNTY-STATE-OF-HAWAII.pdf
- CDC Website ng Mga Kaso at Pagkalat ng Baiki: <http://www.cdc.gov/mumps/outbreaks.html>

PAG-IINGAT

Ang pinakamabisang paraan upang mapigilan ang baiki ay ang pagpabakuna sa inirerekomendang edad.

Lahat ng bata ay dapat tumanggap ng dalawang dosis ng bakunang MMR na proteksyon laban sa tatlong sakit: tigas, baiki, at rubella. Ang unang dosis ay ibinibigay sa edad na 12-15 buwan at ang pangalawang dosis ay sa edad na 4-6.

Lahat ng nakatatanda na ipinanganak noong 1957 o pagkatapos ay dapat ring may dokumentasyon ng pagpabakuna, maliban kung nagkaroon na sila ng pagsusuri sa dugo na nagsasagad na sila'y hindi na tinatapan ng baiki. Ang ilang partikular na nakatatanda na mas mataas ang panganib na magkaroon ng baiki ay maaaring mangailangan ng pangalawang dosis ng MMR na bakuna.

MGA KARAGDAGANG SANGGUNIAN

- CDC Website: <http://www.cdc.gov/mumps/index.html>

- Pang-impormasyong Pahayag sa Bakuna - MMR [Measles, Mumps, & Rubella]:
<http://www.cdc.gov/vaccines/hcp/vis/vis-statements/mmr.pdf>

IMPORMASYON PARA SA MGA KLINISYAN

CDC Website: <https://www.cdc.gov/mumps/hcp.html>

Ang mga tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan ay dapat agad na mag-ulat ng mga pinagsususpetsahang kaso ng baiki sa Departamento ng Kalusugan.